# Ang Rebyu ng Iyong Pagiging Kwalipikado Para sa Karagdagang Tulong Sa Gastos sa Plano ng Medicare Para sa De-resetang Gamot: Ang Ilang Mga Bagay na Dapat Mong Malaman

2007

Kung tumatanggap ka ng karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare para sa de-resetang gamot, maaari kang kontakin ng Social Security upang rebyuhin ang iyong status. Sisiguraduhin ng rebyu na ito na kwalipikado ka pa rin para sa karagdagang tulong at nakukuha mo ang lahat ng mga benepisyo na karapat-dapat mong makuha. Kung hindi ka napili para sa isang rebyu, hindi magkakaroon ng pagbabago sa halaga ng karagdagang tulong na natatanggap mo.

## Kailan gagawin ng Social Security ang rebyu na ito?

Ang mga rebyu ay gagawin taun-taon, kadalasan sa katapusan ng Agosto.

## Paano makikipag-alam sa akin ang Social Security?

Padadalhan ka namin ng isang pormularyo na sasagutan, na tinatawag na "*Social Security Administration Review of Your Eligibility for Extra Help*" (*Rebyu ng Social Security Administration sa Iyong Pagiging Kwalipikado Para sa Karagdagang Tulong*). Bibigyan ka ng 30 araw upang sagutin at ibalik ang pormularyong ito. Ang anumang kinakailangang pagbabago sa karagdagang tulong ay magkakabisa sa Enero ng susunod na taon. Halimbawa, kung pinadalhan ka namin ng pormularyo ng rebyu sa Agosto 2007 at ibinalik mo ang pormularyo ng rebyu sa loob ng 30 araw, ang anumang kinakailangang pagbabago sa iyong karagdagang tulong ay magkakabisa sa Enero 2008.

## Paano kung kailangan ko ng tulong sa pagsagot sa pormularyo?

Maaari kang tulungan ng mga kapamilya, mga caregiver at mga pangatlong partido na sagutin ang pormularyo. Maaari ka ring tulungan ng Social Security sagutin ang anumang mga katanungang mayroon ka. Tawagan lamang kami sa **1-800-772-1213**. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, mangyaring tawagan ang aming TTY na numero sa **1-800-325-0778**. Maaari mo ring bisitahin ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar para sa tulong.

## Anong uri ng pagbabago ang gagawin sa aking karagdagang tulong?

Ang isa sa mga sumusunod ay mangyayari:

- Walang pagbabago sa halaga ng karagdagang tulong na natatanggap mo;
- Pagtaas sa halaga ng karagdagang tulong na natatanggap mo;
- Pagbaba sa halaga ng karagdagang tulong na natatanggap mo; o kaya
- Pagtatapós ng iyong karagdagang tulong.

## Ano ang mangyayari kung hindi ko ibinalik ang pormularyo ng rebyu?

Ang iyong karagdagang tulong ay ititigil sa Enero ng susunod na taon.

## Paano ko malalaman kung ano ang desisyon ng Social Security sa rebyu?

Ang Social Security ay magpapadala sa iyo ng sulat na magpapaliwanag sa desisyon na ginawa namin. Kung sa palagay mo'y mali ang desisyon, magkakaroon ka ng karapatang apelahin ito. Ipapaliwanag ng sulat ang iyong mga karapatan sa pag-apela.

## Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa karagdagang tulong sa iyong mga gastos sa plano ng Medicare sa de-resetang gamot o pangkalahatang impormasyon tungkol sa Social Security, tawagan kami sa **1-800-772-1213** (TTY **1-800-325-0778**) o bisitahin ang ***www.socialsecurity.gov***. Kung tumawag ka dahil mayroon kang mga katanungan tungkol sa isang sulat na natanggap mo, mangyaring dalhin ang sulat. Makakatulong ito sa amin na sagutin ang iyong mga katanungan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga plano ng Medicare sa de-resetang gamot at sa mga panahon para sa special enrollment, tumawag sa **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227**; TTY **1-877-486-2048**) o bisitahin ang ***www.medicare.gov***.



**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10111-TL
Review Of Your Eligibility For Extra Help With Medicare Prescription Drug Plan Costs: Some Things You Should Know
November 2007